REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

## KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 98-015

**KAUTUSAN NA INAAMYENDAHAN ANG ORDINANSA BILANG 93-35 O' MUNTINLUPA REVENUE CODE SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPATAW NG BUWIS SA PANGANGALAKAL (BUSINESS TAX) SA MGA PRODUKTONG ALAK (LIQUOR, BEER, WINES, DISTILLED SPIRITS, ETC.) AT SIGARILYO/TABAKO O ANUMANG KAURI NITO.**

*************************************************************************

Ipinanukala nina:
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Nicanor L. Echavez, MD**
**Kgg. Raul R. Corro**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Bal Niefes**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Lucio B. Constantino**
**Kgg. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kgg. Artemio A. Simundac**

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** layunin ng batas na ito na madagdagan ang kabang-bayan ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** batay sa Local Government Code of 1991, Section 151, ang pamahalaang lokal, sa pamamagitan ng Sangguniang Panlungsod ay may kapangyarihan na magpataw ng buwis kung ang kikitain ay madaragdag sa kabang-bayan nito;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay walang sinisingil ang Pamahalaang Lungsod na buwis sa pangangalakal *(business tax)* sa mga produktong alak at sigarilyo/tabako o anumang kauri nito.

**SAPAGKAT,** ang karagdagang tatlong porsiyento (3%) na sisingilin kada-ikatlong buwan ng taon *(quarterly)* batay sa kabuuang kita sa loob ng tatlong (3) buwan ng mga mangangalakal nito, tingi man o pakyaw ay makapagdaragdag ng kita para sa kabang-bayan na maaaring gamitin sa pagbibigay ng mas ibayong paglilingkod sa lahat.

**NGAYON DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang sumusunod:

### ARTIKULO I

### KAHULUGAN NG MGA SALITA O PARIRALA

**Seksiyon 1.** Ang mga sumusunod na salita o parirala kapag binanggit sa ordinansang ito ay nangangahulugan ng sumusunod:

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

a. ***Mamamakyaw (wholesaler)*** - mangangalakal tulad ng distributor o dealer na umaangkat ng bultuhan o maramihan at muling ipinagbibili sa magtitingi (retailer) at hindi sa panghuling mamimili.

b. ***Maniningi (retailer)*** – isa na nagmamay-ari o nagpapatakbo ng negosyong "grocery store, supermarket, sari-sari store na may taunang benta na P100,000.00 pataas, restaurants, cafes, cafeterias, refreshment parlors, soda fountains, carenderias, food caterers, day and night clubs, cocktail or music lounges, bars, cabaret or dance halls, disco houses, beer gardens or joints, gun clubs, off-track betting stations, off-prontons, race tracks, cockpits, bingo halls, bath houses, resorts, swimming pools, pelota and squash courts, tennis courts, golf courses, driving ranges, exclusive clubs, such as country and sports club, skating rinks, billiard and pool halls, bowling alleys, carnivals, hotels, motels, saunas, massage parlors" at iba pang kahalintulad nito na ang tanging pinagbibilihan ay ang panghuling mamimili *(consumer).*

c. ***Pinadalisay at pinalakas na alak*** – mga inuming nakalalasing na dumaan sa prosesong distilasyon at karaniwan ay may mataas na bahagi ng alkohol katulad ng whiskey, rhum gin, at iba pa.

d. ***Pinangasim na alak*** – isang mas natural na proseso ng paggawa ng alak na kung saan ang yeso ang pangunahing sangkap na inihahalo sa katas ng prutas o gulay at hinahayaang bumilang ng ilang panahon (beer, wines, etc.)

e. ***Sigarilyo*** – may pangunahing sangkap mula sa dahon ng tabako.

## ARTIKULO II

## BUWIS SA PANGANGALAKAL

**Seksiyon 2. PAGPAPATAW NG BUWIS.** Ang mga mamamakyaw at magtitingi ng produktong alak (pinadalisay at pinalakas, at pinangasim) at sigarilyo/tabako ay pinapatawan ng tatlong (3%) porsiyentong buwis batay sa kabuuang benta *(Gross Sales or Gross Receipts)* sa loob ng isang taon.

**Seksiyon 3. PAGTUTUOS, PAGKALTAS AT PAGBIBINBIN NG BUWIS.** Para sa layong pagtutuos, ang buwis ay kailangang ilagay sa resibo ng bawat kustomer at ito ay kinakailangan maunang kaltasin at ibinbin ng mga may-ari ng nasabing establisiyemento sa Seksiyon 2 bago ibayad sa Ingat-Yaman ng Lungsod ng Muntinlupa

**Seksiyon 4. PAGBABAYAD NG BUWIS.** Ang buwis ay kinakailangang bayaran bago sumapit ang ika-dalawampung (20th) araw ng ika-tatlong buwan, ayon sa mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| **Unang Ika-tatlong Buwan** | - | **Marso 20** |
| **Pangalawa** | - | **Hunyo 20** |
| **Pangatlo** | - | **Setyembre 20** |
| **Pang-apat** | - | **Disyembre 20** |

Ang tuos na buwis ay kinakailangang matiyak sa pamamagitan ng pagsusumite ng tama at kumpletong ulat ng kabuuang benta ng nagdaang buwan.

**Seksiyon 5. BAGONG BUKAS NA NEGOSYO.** Para sa mga bagong bukas na negosyo na magtitinda ng alak at sigarilyo, ang buwis ay naka-pirmi sa mga sumusunod na talatakdaan.

**5.a Para sa pinangasim, pinadalisay at pinalakas na alak:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5.a.1 | Pakyawang pagbibili | - | P 1,200.00 |
| 5.a.2 | Tingiang pagbibili | - | 600.00 |

**5.b Para sa sigarilyo:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5.b.1 | Pakyawang pagbibili | - | P 300.00 |
| 5.b.2 | Tingiang pagbibili | - | 150.00 |

**Seksiyon 6. MULTA/PARUSA.** Kung ang buwis ay hindi nabayaran sa itinakdang panahon, ang taxpayer ay kailangang patawan ng multa na patong na singil na dalawampu't-limang porsiyento (25%) at isang porsiyento (1%) na interes kada-buwan batay sa kabuuang tuos na bayarin. Sa pangyayaring sinadya ang hindi pagsusumite ng ulat ng kabuuang kita at pagbabayad ng buwis sa tamang panahon, o sa pangyayaring pagsusumite ng mapanlinlang na ulat ng benta, ang taxpayer ay kailangang patawan ng mas mataas na patong na singil na limampung porsiyento (50%) na ibabatay sa tamang halagang buwis na babayaran at karagdagang interes na isang porsiyento (1%) kada-buwan, o pagkansela ng pahintulot sa pangangalakal.

## ARTIKULO III

## APLIKASYON, SUGNAY NG PAKAKABUKOD AT BISA NG ORDINANSA

**Seksiyon 5.** Alinmang ordinansa na hindi tugma sa Kautusang ito ay pinawawalang-bisa.

**Seksiyon 6.** Kapag ang alinman sa probisyon ng Kautusang ito ay maideklara ng hukuman sa pamamamagitan ng hatol *(final judgement)* na labag sa batas, mananatili pa rin ang bisa ng iba pang probisyon.

**Seksiyon 7.** Ang Kautusang Panlungsod na ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos ang paglilimbag nito sa isang pahayagang may malawak na sirkulasyon at sa paskilan *(bulletin board)* ng Pamahalaang Lungsod o sa alinmang hayag na lugar.

**PINAGTIBAY** ng *Sangguniang Panlungsod* ng Muntinlupa ngayong **01 Disyembre 1998**, sa ginanap na **Ikalawang (2nd) Natatanging Pulong.**

**SINANG-AYUNAN:**

**MGGL. RAUL R. CORRO**
Konsehal

**VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**BAL NIEFES**
Konsehal

**LUCIO B. CONSTANTINO**
Konsehal

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
Konsehal

**MARIO E. BULAY, JR.**
Konsehal

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga
Punongbarangay

**HINDI LUMAHOK:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**ELMER S. ESPELETA**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

*Pahina 5*
*Kautusang Panlungsod Blg. 98-015*

**ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kautusang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa: 12-14-98

*Nory*

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196